


# HENERAL PAUA

Sinulat ni
GREGORIO F. ZAIDE



—Ika-4 Labas—

SA ISIPAN ni Paua, dalawa ang mahahalagang bagay na kailangang lutasin niya nang naaayon sa kanyang kasiyahan: una, ang kanyang pag-ibig kay Antonia; ikalawa, ang napipintong pakikipaglaban nila sa mga Kastila, na noon ay patuloy ang lalong paghihigpit at pagmamalabis sa mga mamamayan.

Ukol kay Antonia, isang bagay ang natitiyak ni Paua: na ito'y nagkakaroon na ng pag-ibig sa kanya. Katunayan: ang kanilang malimit na pagniniig. Sa mga pagniniig na iyon, nagkakaroon siya ng pagkakataong liwanagin sa dalaga ang suliranin ng kanyang puso. Ang masuyong paguusap nang sarilinan, napangahasan pa nga niyang mahawakan ang isang kamay ni Antonia. Yaon ang unang pagkakataong nahawakan niya ang manipis na palad ng dalaga, at nadama niya ang walang kahulilip na kaligayahan sa kaibuturan ng kanyang puso.

SAMANTALA, ang lihim na kilusang itinataguyod nila laban sa Kastila, ay unti-unting nagkakaroon ng init at sigla. Habang tumatagal, ang pagkamuhi ng mga Pilipino sa mga Kastila ay lalong nararagdagan.

Ngayo'y gumaganap ng mahalagang papel si Andres Bonifacio. Unti-unti na siyang nagkakaroon ng pangalan sa kanyang mga kasamahan dahil sa kanyang katapangan at kapusukan.

Sa isang paghaharap...

Hawak ang itak sa isang kamay, at ang cedula naman sa isa pa, si Bonifacio ay bumibigkas ng isang maapoy na talumpati sa kanyang mga kasamahan.

MALAKI ang nagawa ng maaapoy na pagtatalumpati ni Bonifacio sa ikasusulong ng pakikibaka nila laban sa mga Kastila. Noong Agosto ng taong 1896, sa isang paghaharap sa Balintawak, sa matinding puyos ng damdamin, ay hindi napigilan ni Bonifacio ang kanyang sarili.

—Ang pag-iingat sa cedulang ito ay tanda ng pagkaalipin natin sa mga Kastila! —ang wika niya sa isang bahagi ng kanyang maapoy na talumpati.

Nag-ingusan ang kanyang mga kasamahan. Naisip nilang tila wasto ang palagay ni Bonifacio.

—Kailangang punitin ang mga cedulang iyan! —ang patuloy ni Bonifacio.

At, sa isang iglap, pinunit ng maliliit ni Bonifacio ang kanyang cedula. Parang iisang taong kumilos ang kanyang mga kasamahan. Dumukot sa kanilang bulsa, inilabas ang kani-kanilang cedula, at iyon ay pinunit din ng maliliit. At, naganap ang *Unang Sigaw Sa Balintawak!*

Ang Unang Sigaw Sa Balintawak na siyang isa sa mga tuwirang bunga ng mga pana-panaho'y pagtatalumpati ni Bonifacio, ay siya namang pinagmulan ng puta-putaking pakikipagpingkian ng lakas nina Don Emilio Aguinaldo, sa lakas ng mga Kastila.

Si Paua ay napasama kay Hen. Aguinaldo, at ang heneral ay pinahanga niya sa angking katapangan, at sa taimtim na hangaring makatulong sa adhikain ng mga Pilipino, sa kanilang pakikipaglaban, sa kabila ng katotohanang siya'y isang taal na banyaga.

ISANG araw, sa himpilang pangkalahatan ni Aguinaldo...

Isa-isang siniyasat ni Heneral



*Kanan: sina Danilo Montes (Heneral Paua) at Cynthia Zamora (Carolina Imperial) na kapuwa nagsisiganap ng mga pangunahing papel sa pelikulang "Heneral Paua" ng Larry Santiago Productions.*

Aguinaldo ang mga sandata ng kanyang mga tauhan. Karamihan sa mga sandata nila'y sira at luma na...

Nguni't hindi sapat iyon upang si Aguinaldo at ang mga tauhan niya'y mawalan ng pag-asa sa pakikipaglaban. Manapa, lalong nakapaglagay ng init at sigla ang katotohanang iyon, sa kanilang puso, na ang tunay na hangari'y makamit ang kalayaan ng Inang Bayan, at makahulagpos sa pangaalipin ng mga Kastila.

Nguni't...

—Heneral, ang aming lakas at tibay ng kalooban ay lalo sanang pakikinabangan, kung mayroon tayong sapat na sandatang magagamit sa ating pakikipaglaban! —sabi ng isang kawal.

Napahinto si Aguinaldo sa kanyang pagsisiyasat sa mga sandata. Tinapik niya sa balikat ang kanyang kawal.



*Itaas: Nang mga sandaling hindi magkaunawaan sina Heneral Paua at Carolina Imperial. Ang ibig ni Carolina ay huwag nang tumungo sa larangan ng digmaan si Paua. Nguni't mapilit si Paua, sapagka't umano'y tawag iyon ng kanyang Inang Bayan... Kaliwa: tinutunghayan ni Paua ang padalang sulat, na minsan pang nagaalok sa sumama siya sa kilusan, na tinalikuran na niya, pagkatapos mabatid na siya'y ipinapapatay ng isang kapitan. Nasa gawing kaliwa si Rodolfo Ruiz, na gumaganap sa papel na Kapitan Salazar. Nasa likuran ni Paua si Carolina Imperial, (Cynthia Zamora.)*



—Nalalaman ko, nalalaman ko, —sabi ni Aguinaldo.

Lumapit si Paua kay Heneral Aguinaldo, at sumaludo.

—Ano iyon, Tenyente? —tanong ng heneral kay Paua.

—Mabunying Heneral, nalalaman ko rin ang kakapusan natin sa mga sandatang panglaban. Ang bawa't masira'y itinatapon na lamang natin. Kung ganyan nang ganyan ang mangyayari, darating ang araw na ang ipanglalaban natin ay bato na lamang... —sabi ni Ten. Paua.

—Higit kong nalalaman iyan Tenyente. Nguni't mayroon ka bang maimumungkahi upang malunasan ang ating suliranin? tanong ng heneral kay Ten. Paua.

—Kung bibigyan po lamang ninyo ako ng karapatang makapagtayo ng kumpunihan at gawaan ng ating mga sandata, gayundin ng iba pang mga kagamitan natin, inaakala kong lalong malaki ang maitutulong ko sa ating hukbo, at sa ating Inang Bayan! —sabi ni Ten. Paua.

—Tenyente, ikaw ay isang Intsik... at para sa akin, wala ng nakalulugod marinig kundi ang ariing parang tunay na Inang Bayan ng isang banyaga ang aming Inang Bayan! —nasabi ni Aguinaldo

—Para sa akin, Heneral, ang Pilipinas ay siya ko na ring Inang Bayan, sapagka't dito ako lumaki, dito ako nagkaisip, at dito ko natagpuan ang babaing unang nagpatibok ng aking puso. Kaipala'y dito ko rin matatagpuan ang magiging kapilas ng aking buhay! —mahabang paliwanag ni Ten. Paua.

Napangiti lamang si Hen. Aguinaldo.

Hinawakan ni Aguinaldo si Paua sa dalawang balikat, at nakangiting tinitigan ito.

—Tila tama ang iyong sinabi, Tenyente. Ngayon din ay pumili ka ng iyong mga tauhang kakailanganin, at makapagsisimula ka na, —pasiya ng heneral.

—Ngayon din po, Heneral! — maagap na tugon ni Paua.

Sumaludo si Paua sa kanyang heneral, at pagkatapos ay tumalikod na, upang tuparin ang bagong tungkulin at pananagutang nakaatang sa kanyang mga balikat.

NAISIPAN ni Paua, na imungkahi sa kanyang heneral, na bigyan siya ng pagkakataong makapagtayo ng kumpunihan at gawaan ng mga sandata, sapagka't noong bagong lunsad pa lamang siya sa Pilipinas, ang naging gawain niya'y ang maging katulong ng isang Panday. Sa gawaing ito ay nagkaroon siya ng maraming karanasan, hanggang sa ga-

*Sundan sa pahina 94*



## General Paua

(Buhat sa pahinà 67)

nap niyang matutuhan, ang gawain ng isang panday. Ang kaalaman at karanasang kanyang natipon ay ngayon niya pakikinabangan...

Isang araw nga ay makikitang si Tenyente Paua ay abala na sa kanyang gawain sa isang pandayan, na ipinatayo niya. Buhus na buhos ang kanyang kalooban sa kanyang gawain...

Isang araw, isang kawal ang dumating sa kanyang pandayan, at pagkatapos luminga-linga, may iniabot na isang sulat sa kanya.

Madaling binuksan ni Tenyente Paua ang sulat, at maingat na binasa ang nilalaman niyon.

—Galing po sa heneral ang sulat na iyan. —sabi ng naghatid na kawal.

Pagkatapos matunghayan ang katatanggap na liham, tinipon ni Tenyente Paua ang lahat nang kanyang mga tauhan sa pandayan.

—Magsipaghanda kayo ngayon din! Ipagtatanggol natin ang Binakayan, na kasalukuyang sinasalakay ng mga kawal Kastila! —ang sabi niya.

Maliwanag sa kanyang mga tauhan ang sinabi ni Tenyente Paua. Noon din, binitiwan nila ang kanilang ginagawa at nagsipaghanda.

Mula roon, nilakbay nila ang Binakayan. Parang nagh.hintay lamang sa kanila ang labanan. Pagdating na pagdating nila roon, madali silang napalaban sa lakas ng Kastila.

Sa pakikipaglabang iyon ay minsan pang nagpamalas si Tenyente Paua ng kanyang pambihirang katapangan, at dahil doon, siya'y itinaas ng tungkulin. Isa na siyang kapitan ngayon.

Ang totoo, tuwing manggagaling si Paua sa labanan, siya'y laging natataas ng tungkulin sapagka't pinatitibayan niya ang kanyang katapangan at katalinuhan sa pakikipaglaban sa kanilang mga kaaway.

ISANG araw, isang kawal ang dumating sa imbakan ng mga kagamitang-digma...

Lumapit ang kawal sa tanod.

—Sino ang kailangan mo? —tanong ng tanod.

—Nariyan ba si Kapitan Paua? Si Heneral ay may sulat para sa kanya! —tugon ng kawal.

Nakarating kay Kapitan Paua ang sulat ng heneral. Pagkatapos niyang tanggapin iyon, pinaalis na niya ang kawal. Matamang tinunghayan niya ang sulat. At pagkatapos, kinuha ang kanyang sableng nakasabit sa dinding. Masasalamin sa kanyang mukha ang isang suliraning masalimuot at mabigat...

—ITUTULOY—


**DR. FLORENTINO N. SANTOS**

Sa operasyon ng sikmurá,, ápdo, bocio, bituka, pilay at bali

**DRA. CARMEN ENVERGA—SANTOS**

*Post Graduate sa Universidad ng Harvard at Loyola, Amerika*

Sa hindi magkaanak panganganák, sakit sa matris sakit sa obáryo suso—Umaga—sa pakikipagtipanán; Hapon—3-6. R-212 Alcazár Bldg. Cárriedo at Estero Cegado—Tel. 3-70-62. Tahanan—Tel. 60 Local 364R

**DR. B. M. VILLAPANDO**

ESPESYALISTA SA MGA SAKIT SA MATA, ILONG, TAINGA AT LALAMUNAN. Tumitistis ng Tonsil sa 2 minuto na hindi na kailangang matira sa Ospital. Mga bagong kagamitan sa pagsukat ng salamin sa mata at Rayos-X

WALANG BAYAD ANG KONSULTA KUNG LINGGO

Oras: 9-12 N.U. at 2-5 N.H. — Linggo 9-12 N.U. — Tel. 3-42-82

Pedro Cruz Bldg. Tagiliran ng Simbahan ng Kiyapo, Maynila

**DRA. CELESTINA G. LIM-ESPIRITU M. D.**

Sakit ng babae at Bata, Panganganak ng walang sakit (by trilene) Laging nakukunan at hindi mag-anak, pigilin ang pag-añak, Sirang regla. Masakit na pag-ihi, Almoranas, Tonsil na gagaling ng walang tistis Nerbiyos, Manhid, Rayuma, Tagyawat.

**ESPIRITU MATERNITY & GENERAL CLINIC**

1284 Paz Paco, Mga taga Hilaga, Sakyan áñg "Pañdakañ" o "Stá. Añá" Bus sa Quiapo at bumaba sa Calle Paz malapit sa Obras.

**SARAT na ILONG**

Mapatatangos na pirmihan ng hindi titistisin

Sumanggumi kay DR. AMANDO V. SANTOS

Espesyalista sa mga sakit sa MATA, TAINGA ILONG at LALAMUNAN

Klinika—Silid 213 PALOMO BLDG. Azcarraga kanto ng O'Donnel

Konsulta: 9:00-12:00 N.U. — 3:00-6:00 N.H. — Tel. 3-71-25

HOLY ROSARY HOSPITAL & MATERNITY — Mayroong X-RAY

**DR. ROMEO C. MONTES, M.D.**

Espesyalista sa sakit ng bata sa dibdib at sakit na lihim

**DRA. VIRGINIA D. MONTES, M.D.**

Espesyalista sa sakit ng mga babae sa hindi magkaanak, Pangañganak at sakit ng mga bata.

Oras: 9-12 N.U. araw-araw 2-6 N.H. maliban kung Linggo.

1425 Nar... St. Maynila Tel. 2-63-12


## Makukulay Na Karanasan

(Buhat sa pahinà 47)

wala akong kakaba-kaba. Basta sumakay ako, napahatid sa patutunguhan ko, at pagkatapos, pinapaghintay ko ang tsuper. Nabayaran ko rin naman, sapagka't may pera sa pinatunguhan ko. Pero, isang rekord na iyan, hindi ba? Kung inaakala ninyong malakas din ang inyong loob, subukin ninyong gawin iyan. Makita ko lang...

NATATANDAAN ba ninyo ang tsuper na sinampal ko noong araw? Kung sa bagay ang usaping ito ay matagal nang tapos, at ito'y natapos nang nasisiyahan kaming dalawa ng tsuper. At batid na rin ng madla kung paanong nangyari ang "sakunang" ito.

Pero mayroon akong isasalaysay sa inyo tungkol sa kabiyak ng tsuper na aking tinutukoy. Ang kabiyak pala ng tsuper na iyon ay ubod nang ganda. Mabait, tahimik, masipag, at mahilig sa pelikulang Tagalog. Ang halos hindi ko mapaniwalaan ay ito: ang asawa pala ng tsuper na iyon ay isa sa masusugid kong tagahanga. (Kung sa bagay, ito'y balita lang naman ng iba sa akin.) Nang mangyari nga raw ang "sakunang" iyon, binawalan ng tsuper na manood ng pelikulang Tagalog ang kanyang kabiyak. Iya'y maaaring gawin ng sinumang lalaki, sa sama ng loob. Ipinaalis daw ang mga larawan ko na matiyagang idinikit ng babae sa kanilang mga dinding.

Mangyari pa, hindi maiiwasan ang magkaroon ng kaunting "Sagutan." Masamang-masama ang loob ng babae, nguni't palibhasa'y babae, walang nagawa kundi ang sundin ang ipinag-uutos ng kanyang kabiyak. Inalis ang lahat ng larawan kong nakadikit sa dinding, bagaman masakit na masakit iyon sa kanyang kalooban.

Pero nang magkaintindihan naman kami ng tsuper, isang araw daw, ang tsuper naman ang kumuha sa mga larawan ko, at siya ang nagdikit na muli niyon, sa kanilang dinding. Tuwang-tuwa daw ang babae. Ito'y isa sa mga pangyayari sa aking buhay, na hindi ko na malilimutan. At, kaipala'y hindi kayo maniniwala, lalong napamahal sa akin ang tsuper na iyon. Ang totoo, balang araw ay inaasahan kong ako'y dadalawin niya sa aming tahanan, na kasama ang kanyang kabiyak, na isa ko palang tagahanga.

(ITUTULOY)

## Margarita

(Buhàt sà pahinà 49)

bilang pagpupugay sa mga lalaking naroroon, at pagkatapos ay lalong madaling tumalikod at umalis.

—Margarita! Margarita...! —ang tawag sa kanya ni Peping.

Napansin ng iba pang mga naroroon ang pasigaw na pagtawag ni Peping kay Margarita. Nguni't iyon ay hindi niya pinansin. Ang kailangan niya'y makausap nang sarilinan si Margarita. Kailangang-kailangan, sapagka't marami siyang uusisain.

Nang hindi man lamang siya nilingon ni Margarita, naisipan niyang ito'y sundan. Kumilos siya agad. Sinundan niya si Margarita. Huminto si Margarita. Lumapit si Peping.

—Margarita, bakit ka nagkakaganyan sa akin? —tungad na tanong ni Peping.

Sa halip na tumugon, si Margarita ay napayuko lamang.

—May nagawa ba akong pagkakasala sa iyo upang.. —patuloy ni Peping.

—Wala... —mahinang tugon ni Margarita.

—Iyan din ang pagkakaalam ko. Pero, bakit...

—Alam mo na, Peping. Sapagka't iniibig ka ng aking kapatid, —tuwirang tugon ni Margarita.

—Pero batid mo namang hindi ko siya iniibig!

—Kailangang ibigin mo siya, Peping!

Pagkasabi niyon ay aalis na sana si Margarita, nguni't nahawakan siya sa bisig ni Peping.

—Hindi mo lang nalalaman, Margarita, sa pag-ibig mo naroon ang aking buhay. Kung mawala ka sa akin, wala naring kahulugan ang buhay kong ito. Kaya naman tiniis kong maglakad gabi't araw sa paghahanap sa iyo... sapagka't batid kong ang aking hinahanap ay ang aking buhay, ang aking kaligayahan, ang aking tanglaw, na siyang maghahatid sa akin sa rurok ng kaligayahan at kaluwalhatian! —mahabang sabi ni Peping.

—Jose... —mahinang sabi ni Margarita, saka napayupyop sa dibdib ng binata.

—Mula ngayon, hindi ko na tutulutang magkahiwalay tayo!

—Nguni't paano mo patutunayan ang pagmamahal mo sa akin?

—Isasama kita sa aming lala-